

**INTRODUKSIYON SA
APOLOGETICS
MGA SAGOT SA MGA TANONG
SA PAGSUSULIT**

Aralin 1

Introduksiyon sa Apologetics

(1) Ano ang kahulugan ng Kristiyanong apologetics?

Ipiniprisinta ng Kristiyanong apologetics ang ebidensiya para sa katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

(2) Bakit natin sinasabing mahalaga ang apologetics sa pre-evangelism?

Maraming mga tao ang lumalapit kay Kristo matapos pag-aralan ang ebidensiya para sa katotohanan ng Kristiyanismo.

(3) Bakit natin sinasabing mahalaga ang apologetics sa post-evangelism?

Ang pagkaalam sa dahilan kung bakit ka sumasampalataya ay magpapalakas sa iyo sa pananampalatayang Kristiyano.

(4) Anong talata sa Bagong Tipan ang nagpapakita ng pangangailangan para sa mga humihingi ng paumanhin? Isulat ang talatang ito mula sa memorya.

1 Pedro 3:15 (Suriin laban sa Bibliya.)

(5) Anong tatlong tanong tungkol sa apologetics ang sinagot sa 1 Pedro 3:15?

- Kailangan bang gamitin ng mga Kristiyano ang apologetics? Dapat laging handa ang mga Kristiyano na magbigay ng paliwanag.
- Sino ang dapat nating abutin gamit ang apologetics? Ang lahat ng nagtatanong tungkol sa ating pag-asa.
- Sa paanong paraan natin dapat ipahayag ang apologetics? Nang may kahinahunan at paggalang.

(6) Kapag nagbabahagi ka ng iyong pananampalataya, alin ang dapat mauna: ang Ebanghelyo o ang apologetics? Bakit?

Ang ebanghelyo ang dapat mauna sa karamihang pagkakataon dahil ito ang pinakamahalagang mensahe.

(7) Ano ang tatlong dahilan na tinatanggihan ng mga tao si Cristo?

Kawalang kaalaman, pagmamataas at suliraning pangmoral

(8) Bakit dapat tayong tumugon sa mga pagtutol na pangkaisipan, kahit sa mga taong may mas malalim na dahilan sa kanilang di-paniniwala?

Maaaring kailangan nila ng mga sagot sa kanilang mga pangkaisipang dahilan bago nila kilalanin ang tunay na dahilan kung bakit nila tinatanggihan si Kristo.

(9) Sino ang Personang nagbubukas ng mata ng mga espirituwal na bulag?

Ang Dios

(10) Ginagamit ba ng Banal na Espiritu ang apologetics upang tulungan ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Cristo?

Oo

(11) Ano ang ibig sabihin ng 'Ang Kasulatan ay nagpapatotoo sa Kanyang Sarili'?

Dahil ang Biblia ay Salita ng Dios, ito'y nagsasalita sa ating mga puso tungkol sa kanyang sariling katotohanan.

(12) Ilista ang apat na paraan kung paano inihahayag ng Dios ang kanyang kaluwalhatian sa espirituwal na mata ng ating puso.

- Sa sannilikha
- Sa katauhan at sakripisyo ni Kristo Hesus
- Sa ebanghelyo
- Sa buhay at patotoo ng mga mananampalataya

Aralin 2

Mga Maling Kuro-kuro tungkol sa Apologetics

(1) Ano ang mga pangunahing elemento ng siyentipikong pamamaraan?

- Kontroladong kapaligiran
- Eksperimentong mauulit

(2) Sa halip na sa siyentipikong pamamaraan, ang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat patunayan sa pamamagitan ng anong paraan?

Legal-pangkasaysayang pamamaraan

(3) Ano ang tatlong klase ng ebidensiya na ginagamit sa legal-pangkasaysayang patunay?

- Nakasulat na Patotoo
- Pasalitang Patotoo
- Pisikal na Ebidensiya

(4) Bakit natin sinasabi na "Hindi mo maaaring patunayan ang alinmang pangyayari sa kasaysayan nang 100% katiyakan"?

Dahil iyon ay nangyari sa nakalipas na panahon at wala tayon roon.

(5) Kung hindi mo maaaring patunayan ang anuman nang lubos na katiyakan, subali't mayroon kang sapat na patunay upang magkaroon ng paniniwala sa kalooban na ito ay totoo (at ikaw ay handang mamuhay ayon sa paniniwala na iyon), mayroon kang **moral certainty**.

(6) Ang ideya na ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala ay **sumasalungat sa sarili**. Hindi ito maaaring maging totoo.

(7) Hindi sapat na maniwala lamang. Kailangan nating ilagak ang ating pananampalataya sa tamang **object**.

(8) Ilista ang apat na maling paniniwala tungkol sa apologetics na napag-aralan sa leksiyong ito. Magbigay ng maikling tugon sa bawat maling paniniwala.

Maling Kuro-kuro 1: Ang Kristiyanismo ay dapat patunayan sa pamamagitan ng siyensiya.

Tugon 1: Ang mga pangyayaring pangkasaysayan ay pinatutunayan sa pamamagitan ng legal-pangkasaysayang pamamaraan.

Maling Kuro-kuro 2: Ang Kristiyanismo ay dapat patunayan nang may 100% katiyakan.

Tugon 2: Walang pangyayaring pangkasaysayan ang maaaring patunayan nang may 100% na katiyakan. Ang mga ito ay pinatutunayan ng moral certainty.

Maling Kuro-kuro 3: Ang lahat ng katotohanan ay ayon sa ating paniniwala.

Tugon 3: Ang pahayag na ito ay sumasalungat sa kanyang sarili.

Maling Kuro-kuro 4: Ang pagiging matapat ay mas mahalaga kaysa katotohanan.

Tugon 4: Ang object ng pananampalataya, hindi ang pananampalataya lamang, ang nakapagliligtas.

(9) Isulat ang 2 Corinto 10:4-5 mula sa memorya.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 3

Mayroon Bang Dios?

(1) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Kosmohikal?

Bakit umiiral ang mundo?

(2) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Kosmohikal ang tanong na ito?

Umiiral ang mundo dahil ito'y nilikha ng Dios—isang personal, walang-hanggan, Isa na sariling-umiiral.

(3) Ano ang tatlong di-makatwirang paliwanag para sa sanlibutan?

- Ang sanlibutan ay nagmula sa wala.
- Ang sanlibutan ay umiiral mula pa sa simula.
- Ang sanlibutan ay nagmula sa impersonal na bagay o enerhiya.

(4) Ipahayag ang Pangangatwirang Kosmohikal sa deductive form na may 2 pahayag at isang konklusyon.

Pahayag 1: Anumang nagsimulang umiral ay may dahilan.

Pahayag 2: Ang sanlibutan ay nagsimulang umiral.

Konklusyon: May dahilan ang sanlibutan.

(5) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Teleolohikal?

Paano nagkaroon ng napakagandang disenyo ang sanlibutan?

(6) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Teleolohikal ang tanong na ito?

Ang metikuloso at detalyadong disenyo ng sanlibutan ay nangangailangan ng isang Taga-disenyo.

(7) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Moral?

Bakit nagtataglay ang sangkatauhan mula sa pagsilang ng likas na kaalaman ng tama at mali?

(8) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Moral ang tanong na ito?

Ang kaalaman ng tama at mali ng sangkatauhan ay nagmumula sa Dios, ang Supreme na Tagapagbigay ng Batas na nagbibigay sa atin ng moralidad.

(9) Iprisinta ang Pangangatwirang Moral sa syllogistic form (may isang pahayag at isang konklusyon).

Pahayag 1: Kung ang Dios ay hindi umiiral, hindi rin umiiral ang objective na moral na mga pinahahalagahan/values at mga tungkulin.

Pahayag 2: Umiiral ang mga objective moral na mga pinahahalagahan/values at mga tungkulin.

Konklusyon: Samakatwid, umiiral ang Dios.

(10) Ano ang pinakakaraniwang pagtutol sa pagsasabing 'mayroong Dios'?

Ang presensiya ng kasamaan at paghihirap sa mundo

(11) Magbigay ng tatlong sagot sa tanong na ito, "Paanong ang isang mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios ay umiiral, kung mayroong kasamaan sa mundo?"

- Ang problema ng kasamaan ay nagpapahiwatig na mayroon ngang isang Dios.
- Ang kasamaan ay resulta ng malayang pagpili ng tao na suwayin ang Dios.
- Nagkaloob ang Dios ng sagot sa problema ng kasamaan at paghihirap.

(12) Isulat ang Roma 1:19-20.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 4

Pangangatwiran Para sa Paglikha

(1) Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ang ebolusyon at ang paglikha ay kapwa "pagpapahayag ayon sa pananampalataya"?

Alinman sa ebolusyon o ang paglikha ay hindi maaaring patunayan gamit ang siyensiya dahil ito'y nagsisikap na ipaliwanag ang isang bagay na nangyari sa nakalipas na panahon.

(2) Ano ang itinuturo ng batas ng biogenesis?

Ang buhay ay nagmumula sa buhay lamang.

(3) Ayon sa batas ng **termodinamiks**, mayroong nakatakandang dami ng magagamit ng matter at enerhiya sa sanlibutan. Ang enerhiyang ito ay unti-unting nagiging hindi nagagamit.

(4) Ayon sa teoriya ng ebolusyon, anong klase ng fossils ang dapat nating matagpuan?

Maraming transitional forms/pagbabagong-anyo mula sa simple papuntang mas komplikadong uri ng mga hayop.

(5) Ano ang inihuhula ng kuwento ng paglikha mula sa Biblia tungkol sa genetic change?

Mayroon lamang limitadong pagbabago sa loob ng bawat isang klase ng organismo. Walang makikitang ebidensiya ng pagbabago mula sa isang pangunahing klase patungo sa ibang klase ng organismo.

(6) Magbigay ng tatlong halimbawa ng ebidensiya para sa itinuturing na bata pang mundo.

- Ang liwanag ng araw
- Malambot na tissue sa buto ng dinosaur
- Ang dami ng asin sa dagat

(7) Isulat ang Genesis 2:1-3.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 5

Ang Pangkalahatang Argumento para sa Pananampalatayang Kristiyano

(1) Ano ang anim na mga bloke na sumusuporta sa kaso para sa pananampalatayang Kristiyano?

1. Mapagkakatiwalaan ayon sa Kasaysayan
2. Propesiya
3. Muling Pagkabuhay
4. Si Hesus ay Dios
5. Si HesusJ ay Hindi Maaaring Magkamali
6. Totoo ang Kristiyanismo

(2) Ilista ang anim na pahayag at konklusyon na nagbibigay ng kaso para sa pananampalatayang Kristiyano.

Pahayag 1: Ang Bagong Tipan ay mapagtitiwalaan ayon sa kasaysayan.

Pahayag 2: Tinupad ni Hesus ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas.

Pahayag 3: Si Hesus ay nabuhay mula sa mga patay.

Pahayag 4: Ang Muling Pagkabuhay at ang pagtupad sa mga propesiya ay nagpapakita na Siya ay siya nga ayon sa kanyang sinabi: Ang Mesiyas, ang Anak ng Dios.

Pahayag 5: Dahil si Hesus ay Dios, hindi siya maaaring magkamali.

Pahayag 6: Itinuro ni Kristo Hesus na ang Biblia ay ang Salita ng Dios at siya ang tanging daan patungo sa Dios.

Konklusyon: Kung si Hesus ay Dios, dapat nating paniwalaan ang kanyang sinabi: Ang Biblia ay ang Salita ng Dios, at si Hesus ang tanging daan patungo sa Dios. Samakatuwid, totoo ang Kristiyanismo.

(3) Isulat ang 1 Tesalonica 2:13.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 6

Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan

(1) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Ang Bagong Tipan ay isinulat 100-200 na taon pagkatapos ng buhay ni Cristo. Marami sa mga kuwento sa Bagong Tipan ay mga kathang-isip lamang." Magbigay ng kahit tatlong ebidensiya upang suportahan ang iyong tugon.

Ang Bagong Tipan ay kumpleto na sa loob ng animnapung taon sa buhay ni Hesus.

Ebidensiya: [kahit aling tatlo]

- Nakatagpo ng mga manuskrito mula sa simula ng ikalawang siglo.
- Ang mga unang ama ng simbahan tulad nina Clement at Ignatius ay bumabanggit na mula sa mga aklat ng Bagong Tipan mga taong A.D. 100.
- Karamihan sa Bagong Tipan ay maaaring naisulat na bago nawasak ng hukbong Romano ang Jerusalem mga taong A.D. 70.
- Ang Lucas, Mga Gawa, at ang mga sulat ni Pablo ay naisulat bago namatay si Pablo noong kalahatian ng 60's.

(2) Ano ang sinisikap ipakita ng pagsubok sa bibliograpikal tungkol sa isang sinaunang dokumento?

Sinusubok nitong ipakita kung taglay natin ngayon o hindi kung ano ang orihinal na naisulat sa manuskrito. Ipakikita nito kung gaano katumpak na kopya ang isang dokumento sa paglipas ng mga siglo.

(3) Ilista ang tatlong aspeto ng pagsubok sa bibliograpikal patunay na mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan.

- Habang ng Panahon
- Bilang
- Kalidad

(4) May mga nagsasabi na "Hindi natin mapagtitiwalaan ang ating mga kopya ng Bagong Tipan dahil masyadong matagal ang panahon sa pagitan ng orihinal na manuskrito at ng pinakamaagang kopya nito na taglay natin." Paano sinasagot ng aspeto ng **agwat sa panahon** ng pagsubok sa bibliograpikal ang pagtutol na ito?

Ang habang ng panahon para sa Bagong Tipan ay higit na mas maikli kaysa alinmang literaturang naisulat mula sa sinaunang mundo. Tinatanggap ng mga iskolar na mapagkakatiwalaan ang teksto ng ibang mga literatura, bakit hindi ang Bagong Tipan?

(5) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Kahit na maikli lamang ang panahon sa pagitan ng orihinal at ng mga unang kopya nito, masyadong maraming mga pagkakaiba sa mga taglay nating manuskrito ng Bagong Tipan upang malaman natin kung ano ang nakasulat sa mga orihinal. Mayroon tayong masyadong maraming magkakasalungat na mga manuskrito."

Ang napakaraming bilang ng natitirang manuskrito ng Bagong Tipan at ang maliit na bilang ng pagkakasalungatan ng manuskrito ay nagpapakita na mapagtitiwalaan natin ang Bagong Tipan.

(6) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Hindi natin mapagtitiwalaan ang mga sumulat ng Bagong Tipan upang tumpak na itala ang mga pangyayaring naganap. Hindi sila mapagkakatiwalaang mga saksi."

Ang pagsusuri ng Ebedensiya sa Nilalaman at Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia ay nagpapakita na ang Bagong Tipan ay isang mapagtitiwalaang rekord ng kasaysayan.

(7) Maglista ng tatlong dahilan na ang Bagong Tipan ay nakapasa sa "Pagsubok sa Ebedensiya sa Nilalaman"

- Patotoo ng mismong nakasaksi
- Ang presensiya ng mga nabubuhay pang mga saksi
- Namatay dahil sa kanilang pananampalataya ang mga sumulat

(8) Ano ang Batas ng Walang-Pagsasalungatan?

Ang isang bagay ay hindi maaaring maging totoo at hindi totoo sa parehong panahon at sa iisang kahulugan. Kapag ang isang pahayag ay lubusang sumasalungat sa isa pang pahayag, tiyak na ang isa dito ay hindi totoo.

(9) Mayroon bang sinumang makapagpapakita ng tunay na paglabag sa batas ng walang-pagsasalungatan sa Kasulatan?

Hindi nilabag ng Kasulatan ang batas ng walang-pagsasalungatan.

(10) Maglista ng tatlong linya ng ebidensiya na tumutulong upang pumasa ang Bagong Tipan sa "Pagsubok sa Ebedensiyang Mula sa Labas ng Biblia."

- Sumusuportang ebidensiya mula sa ibang naunang manunulat na Kristiyano
- Sumusuportang ebidensiya mula sa mga isinulat na hindi-Kristiyano
- Sumusuportang ebidensiya mula sa archeology

(11) Bumanggit ng dalawang bagay na natagpuan ng mga arkeologo na sumusuporta sa pagiging tumpak ng Bagong Tipan ayon sa kasaysayan.

Ang pagkatuklas sa Imbakan ng Tubig ng Bethesda at ang pagkatuklas sa Platapormang Bato.

(12) Isulat ang 2 Timoteo 3:16-17.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 7

Propesiya Tungkol sa Mesiyas at ang Muling Pagkabuhay

(1) Maglista ng tatlong tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas na natupad sa buhay ni Hesus.

Alinmang tatlo sa mga propesiya na nakalista sa chart

(2) Ano ang ipinapakita ng mga natupad na tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas tungkol sa pinagmulan ng mga propesiya?

Ang mga propesiya ay tiyak na ibinigay ng Dios, dahil walang ibang nakakaalam sa hinaharap. Kaya rin nitong hulaan ang maraming tiyak na detalye ng mga pangyayari sa napakalayong hinaharap.

(3) Maglista ng tatlong paliwanag na ibinigay ng mga di-madaling maniwala para sa libingang walang laman. Para sa bawat paliwanag, magbigay ng isang dahilan upang ipakita na ang paliwanag ay hindi sapat.

Paliwanag 1: Ninakaw ng mga disipulo ang katawan.

Sagot 1: Hindi kayang talunin ng mga disipulo ang isang guwardiyang Romano O ang mga disipulo ay maaaring hindi sumang-ayon na mamatay para sa kwentong alam nilang isang kasinungalingan.

Paliwanag 2: Tinanggal ng mga awtoridad na Romano o Hudyo ang katawan

Sagot 2: Maaaring ilabas ng mga awtoridad na Romano o Hudyo ang katawan upang pabulaanan ang Muling Pagkabuhay.

Paliwanag 3: Hindi namatay si Hesus; walang malay si Jesus nang siya'y ilibing.

Sagot 3: Ang mga Romanong sundalo ay may kasanayan upang tiyakin ang kamatayan sa krus .O Maaaring labis nang mahina si Hesus upang alisin ang bato at talunin ang lakas ng mga bantay na Romano.

(4) Bakit mahalaga na ang mga Ebanghelyo ay bumabanggit ng mga babae na kabilang sa mga unang saksi sa Muling Pagkabuhay?

Ang mga babae ay hindi iginagalang bilang mga saksi sa sinaunang mundo. Kung ang Muling Pagkabuhay ay inimbento lamang ng mga sumulat ng ebanghelyo, gagamit sila ng mga lalaking saksi.

(5) Bakit mahalaga na ang mga unang Kristiyano ay sumamba sa unang araw ng linggo at ipinagdiriwang ang Pasko ng Pagkabuhay taon-taon?

Ipinapakita nito na ang unang henerasyon ng mga Kristiyano ay naniwala sa katotohanan ng pisikal na Muling Pagkabuhay. Pinahahalagahan ng mga historyador ang testimonya ng mga mismong nakasaksi.

(6) Isulat ang 1 Corinto 15:3-6.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 8

Ang Pag-Angkin ni Hesus na Siya ay Dios

(1) Maglista ng apat na pangungusap sa panahon ng kanyang ministryo na nagpapakita na si Hesus ay naniwala na siya ay Dios.

- Inangkin Niya na siya ang "Ako Nga" ng Lumang Tipan.
- Inangkin Niya na Siya ay Kaisa ng Ama.
- Inangkin Niya na nagtataglay siya ng mga katangian ng Dios.
- Inangkin Niya na mayroon siyang kapangyarihang makagawa ng mga ginagawa ng Dios.

(2) Maglista ng tatlong pangungusap sa kanyang paglilitis na nagpapakita na naniwala si Hesus na siya ay Dios.

- Inangkin Niya na Siya ang Mesiyas.
- Inangkin Niya na Siya ang Anak ng Dios.
- Inangkin Niya na Siya ang Anak ng Tao.

(3) Ano ang limang pagpipilian na kailangang pag-isipan tungkol sa pag-angkin ni Hesus na siya ay Dios?

- Alamat
- Guru
- Sinungaling
- Baliw
- Panginoon

(4) Maikling ihayag ang problems para sa bawat isa sa unang apat na pagpipilian.

Alamat: Ang Bagong Tipan ay mapagkakatiwalaan ayon sa kasaysayan.

Guru: Si Hesus ay isang monotheistic na Hudyo. Walang Hudyo ang maniniwala na tayong lahat ay mga dios.

Sinungaling: si Hesus ay hindi isang sinungaling dahil sa kanyang katauhan, wala siyang dahilan upang magsinungaling at dahil sa Muling Pagkabuhay.

Baliw: Perpektong balanse ang personalidad ni Hesus.

(5) Isulat ang limang pahayag at konklusyon para sa pangkalahatang pangangatwiran para sa Kristiyanismo.

Pahayag 1: Ang Bagong Tipan ay mapagtitiwalaan ayon sa kasaysayan.

Pahayag 2: Batay sa mapagkakatiwalaang dokumentong ito, mayroon tayong sapat na ebidensiya upang paniwalaan na tinupad ni Hesus ang maraming propesiya patungkol sa Mesiyas at siya'y muling nabuhay mula sa mga patay.

Pahayag 3: Ang mga natupad na propesiya tungkol sa Mesiyas at ang Muling Pagkabuhay ay nagpapakita na si Hesus ay siya nga ayon sa kanyang sinasabi—ang Mesiyas, ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang tao.

Pahayag 4: Kung si Hesus ay Dios, sagayun siya ay nagsasalita sa awtoridad na hindi maaaring magkamali; siya ay lubusang mapagtitiwalaan.

Pahayag 5: Bilang awtoridad na hindi maaaring magkamali, inangkin ni Hesus na ang Biblia ay nagmula sa Dios at Siya lamang ang tanging daan.

Konklusyon: Kung sinabi iyon ni Hesus, dapat natin iyong paniwalaan: Ang Biblia ang Salita ng Dios; si Hesus ang Tanging Daan; at samakatuwid, ang Kristiyanismo ay totoo.

(6) Isulat ang Juan 20:30-31.

(Suriin laban sa Bibliya.)

Aralin 9

Ang Pagiging Katangi-tangi ng Kristiyanismo sa Mundo ng mga Relihiyon

(1) Ano ang limang pangunahing paniniwala tungkol sa pag-iral at kalikasan ng Dios? Ilarawan ang bawat isa.

Itinuturo ng **Atheism** na walang Dios.

Itinuturo ng **Pantheism** na mayroong divine being, subali't ang being na ito ay hindi bukod sa mundo.

Itinuturo ng **Panentheism** na ang Dios ay hiwalay sa mundo, subali't siya'y umaasa sa mundo para sa kanyang pag-iral.

Itinuturo ng **Polytheism** na maraming dios.

Itinuturo ng **Monotheism** na mayroong isang transcendent, walang-hanggan, personal, divine being.

(2) Ano ang pagkakaiba ng Kristiyano at ng iba pang pangunahing mga paniniwala?

Tanging ang Kristiyanismo ang nagbibigay ng daan upang ang mga kasalanan ng tao ay maaaring mapatawad, upang ang tao ay muling makipagkasundo sa Dios, at upang ang tao ay muling maibalik sa imahen ng Dios.

(3) Ano ang tatlong pahayag at konklusyon na nagpapakita sa ebidensiyang Biblikal para sa doktrina ng Trinidad?

Pahayag 1: Mayroon lamang iisang Dios.

Pahayag 2: Ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay tinukoy lahat sa Kasulatan bilang Dios.

Pahayag 3: Ang tatlong ito ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa at sa mundo bilang hiwa-hiwalay na Persona.

Konklusyon: Ang nag-iisang tunay na Dios ng Biblia ay nagpahayag ng kanyang sarili na umiiral sa tatlong magkakahiwalay na Persona: Ang Ama, Ang anak, at ang Banal na Espiritu. Ang Dios ay iisa sa kalikasan, subali't tatlo sa Persona.

(4) Ano ang tatlong aspeto ng sanlibutan na naglalarawan sa doktrina ng Trinidad?

Space, Panahon at Matter

(5) Ano ang kahulugan ng animism? Ano ang pinakamalaking pagkakaiba ng animism at ng Kristiyanismo?

Inilalarawan ng animism ang mga natural na lakas at mga ninuno bilang mga buhay na nilalang na may distinct na identities. Ang pinakamalaking pagkakaiba ng Kristiyanismo ay ang mensaheng Kristiyano na may isang mapagmahal na Dios na nagnanais ng relasyon sa sangkatauhan.

(6) Ano ang kahulugan ng syncretism? Bakit hindi katanggap-tanggap ang syncretism sa mga Kristiyano?

Pinagsasama ng syncretism ang Kristiyanismo at ang ibang mga relihiyon. Hindi ito katanggap-tanggap dahil ang Biblia ay nagtuturo na mayroon lamang iisang daan patungo sa Dios.

(7) Ano ang doktrina ng prevenient grace?

Ang prevenient grace ay ang biyaya bago ang kaligtasan. Ang biyayang ito ay universal, subali't ito ay maaaring tanggihan.

(8) Isulat ang Mga Gawa 4:11-12.

(Suriin laban sa Bibliya.)